







# M.O.T.I.V.A.T.E.

## Influence For Lasting Impact

**FILIPINO EDITION**










Magandang Balita Biblia (MBBTAG)
Magandang Balita Biblia,
Copyright © Philippine Bible Society 2012.

Ang Salita ng Dios (Tagalog Contemporary Bible) (ASND)

Ang Salita ng Dios (Tagalog Contemporary Bible)
Copyright © 2009, 2011, 2014, 2015 by Biblica, Inc.

Ang Salita ng Diyos (SND)
Copyright © 1998 by Bibles International

**M.O.T.I.V.A.T.E.**

Copyright © 2020 by Global Leadership Center

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means — electronic, mechanical, photocopy, recording, or any other, without the prior permission of GLC.

# MGA NILALAMAN

**Paano Gagamitin ang Workbook na Ito** page 1

**Session One:** Modeling page 3

**Session Two:** Open Communication page 6

**Session Three:** Time page 9

**Session Four:** Intimacy page 12

**Session Five:** Vision page 15

**Session Six:** Affirmation page 18

**Session Seven:** Teach and Train (part one) page 21

**Session Eight:** Teach and Train (part two) page 24

**Session Nine:** Entrust page 28

**Mga Apendiks:**

**Apendiks A:** Pagsasalaysay sa Tatlong Madaling Hakbangin page 31

**Apendiks B:** Tunay na Kulay
(Pagbabahagi ng Magandang Balita sa mga Bata) page 32

**Apendiks C:** Ano ang Pinakamahalagang Desisyon mo sa Buhay? (Pagbabahagi ng Magandang Balita sa mga Nakatatanda) page 38

# PAANO GAGAMITIN ANG WORKBOOK NA ITO

Ganito siya ginagawa: May limang bahagi ng pag-aaral sa bawat lesson ng **MOTIVATE**:

## Basahin Ito

Una, Basahin ang **Salita ng Diyos mula sa Biblia.**

## Isalaysay Ito

Sabihin ang talatang binasa ayon sa sariling pagkaintindi. **Isulat ang salaysay** sa **"Aking Sariling Salita"** na bahagi ng workbook. Isipin na ikinikuwento mo ito sa iyong kaibigan. Gamitin ang sariling salita at tiyaking nasabi ang lahat ng sinasaad sa bersikulo/ talata na binasa. Kapag sinabi ito sa iyong salita, natutulungan ka na ito'y maintindihan.

*Tingnan ang Apendiks A para sa "Pagsasalaysay sa Tatlong Madaling Hakbangin"*

## Pag-usapan Natin Ito

Aralin at unawain ng mabuti ang mga talata gamit ang guide questions sa **"Pag-usapan Natin Ito"** na bahagi ng workbook.

## Bigyang Diin ito

Itong section na ito ay pagbubuod ng mga main points ng talata na pinag-aaralan. Pag-usapan nyo ito pagkatapos mai -share ng bawat isa ang kanilang sagot.

## Isapamuhay Ito

Ayon sa iyong mga natutunan, isulat kung ano ang iyong gagawin sa “Isapamuhay Ito” na bahagi ng workbook. Ito ay dapat palagiang sinusulat sa paraang, **“I will _______(Ang aking gagawin ay_______).”** Ito ang ating commitment sa Diyos ng pagsunod sa ating natutunan mula sa Kanyang salita. Hingin ang kalakasan sa Panginoon para maisagawa ang ating commitment sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Holy Spirit. Gamitin ang **SMART** guide para magawa ang iyong action point.

| | | |
|---|---|---|
| **S** | imple | *Isa hanggang dalawa lamang na* ***“I will”*** |
| **M** | easurable | *Maaring sukatin na nagawa na ito o hindi* |
| **A** | ppropriate | *Angkop sa talatang pinag-aralan* |
| **R** | ealistic | *Kayang gawin kapag puspos ng Holy Spirit/ makatotohanan* |
| **T** | ime-bound | *May tinakdang panahon kung kailan gagawin* |

Halimbawa:

| Common Statement | SMART Goal |
|---|---|
| Ang aking gagawin ay maging mapagmahal sa aking asawa at sasabihin ko sa kanya na mahal ko sya | Ang gagawin ko ay bibili ako ng rosas ngayong Linggo para sa aking asawa. |
| ang gagawin ko ay magpipigil ako ng aking galit. | Ang gagawin ko ay magbibilang akong ng isa hanggang sampu bago ako mag react kapag na-cut ako sa EDSA habang nag-mamaneho ngayong Linggo. |
| Hindi na ako magtsitsismis. | Mamayang gabi, kapag tumawag si Bing para kuwentuhan ako ng ginawa ng kapatid nya sa kanya, magalang kong babaguhin ang usapan para hindi mahantong sa tsismisan. |

## Ibahagi Ito

Panghuli, dapat magpasya ang bawat miyembro ng grupo kung kanino nila ibabahagi ang kanilang mga natutunan. Ang pagbabahagi sa iba ang pinakamabisang paraan upang maisa puso ang kanilang mga natutunan.

# Paano Magsulat sa Workbook Digitally

1. Buksan ang **MOTIVATE PDF workbook** sa Adobe Acrobat or Adobe Reader.
2. Piliin ang Fill & Sign sa kanang bahagi.
3. Piliin ang Fill and Sign option at gamitin ang mga tools at options na naka-display sa toolbar para i-type ang iyong mga sagot sa **“Isalaysay Ito”** at **“Isapamuhay Ito”** na bahagi ng workbook.



Unang Sesyon:

# Modeling

## Maging Isang Modelo

Basahin Ito

## Salita ng Diyos

**1 Corinto 11:1**
"Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Cristo."

**Tito 2:7**
"Sa lahat ng bagay ay maging halimbawa ka ng kabutihan. Maging tapat ka at kagalang-galang sa iyong pagtuturo."

**Juan 13:15**
"Binigyan ko kayo ng halimbawa upang inyong tularan."

Isalaysay Ito

## Sa Aking Sariling Salita

## Pag-usapan Natin Ito

1. Ano ang nagustuhan mo sa mga talatang ito?
2. Anong parte ng talata ang nahirapan kang unawain? Bakit?
3. Ano ang natutunan mo patungkol sa pagsunod kay Hesus?
4. Ano ang natutunan mo sa pagiging modelo sa iba (e.g. sa iyong pamilya, kamag-anak, ka-eskwela, ka-trabaho, atbp.)?
5. Anu-ano ang mga pagbabagong gagawin mo sa pakikitungo sa iyong pamilya / ka-eskewla / ka-trabaho?

## Bigyang Diin Ito

### Ang pagiging isang modelo ay pinaka epektibong paraan ng pagtuturo.

Itoý pamumuhay ng ating katuruan. Ang kabutihan ay natututunan sa paghahalimbawa higit pa sa pagtuturo.

### 1 Maging modelo ng mga katangian ni Hesus.

Ang mga tao sa ating paligid ay sumusunod sa ginagawa natin higit pa sa ating sinasabi. Ang Panginoong Hesus ang dapat nating halimbawa. Siyaý mapagmahal, mabait, masiyahin, mapagtimpi at masakripisyo. (1 Juan 2:6; John 13:34)

### 2 Maging Intentional.

Ang pagiging modelo ay makapangyarihan dahil ang kabutihang asal ay nagagaya higit pa sa sinasabi.

### 3 Maging Authentic (makatotohanan)

Ang pagiging modelo ay hindi pagiging perfect. Walang perfect, at lahat tayo ay nagkakamali. Ang pagiging modelo ay pagiging makatotohanan. Inaamin ang kamalian at mapagkumbabang humihingi ng kapatawaran sa mga taong nasaktan o hindi sinasadyang nalinlang. (1 Juan 1:8)

### 4 Maging maingat na di maging hipokrito. Maging consistent. Mabuhay sa pagiging "one-man principle.

Pag nabuhay tayo para sa Diyos lamang, ang ating buhay ay pareho lamang kahit saan man tayo, kahit sa bahay, opisina, kaibigan at sa ministeryo. (Tito 2:7)

### 5 Mabuhay sa kapangyarihan ng Holy Spirit.

Ang buhay Kristianismo ay higit sa kaya ng tao. Itoý imposibleng ipamuhay ng ordinaryong tao. Kailangan natin ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng Holy Spirit para ipamuhay ang ulirang buhay ni Hesus. (Galacia 5:16; Galacia 5:22-23)

To walk in the power of the Holy Spirit, a practical acronym to apply is **P-R-A-Y**:

**P** — **Pause** and take a deep breath. *(Huminto muna at huminga ng malalim)*

**R** — **Resist** your first response, which is usually reactive, hurtful, and sinful. *(Iwasan ang unang tugon na kadalasan ay reactive, nakakasakit at makasalanan)*

**A** — **Ask** the Holy Spirit, "What should I say?" or "What should I do to build the person up?" *(Hilingin ang Holy Spirit na turuan ka kung ano ang sasabihin o ano ang gagawin para maitaguyod ang ibang tao)*

**Y** — **Yield** to the Holy Spirit's control and then respond in a way that pleases God. *(Magpasakop sa Holy Spirit sa kanyang pangunguna at tumugon sa paraan na makalulugod sa Diyos)*

# Isapamuhay Ito

Ayon sa ating napag-aralan mula sa **Unang Sesyon** ng **M.O.T.I.V.A.T.E.** na **"Modeling"** o **Maging Isang Modelo** isulat ang iyong gagawin para ipamuhay ang aralin na ating natutunan. Gawin mo itong iyong "I will..." o **"Ang aking gagawin..."** na pangungusap. Gamitin natin ang **S.M.A.R.T.** bilang ating patnubay para sa ating gagawin.

**S** imple *(simple)*
**M** easurable *(masusukat)*
**A** ppropriate *(angkop)*
**R** ealistic *(makatotohanan)*
**T** ime-bound *(may takdang panahon)*

**Ang aking gagawin...**

# Ibahagi Ito

## Sa loob ng linggong ito, kanino mo ibabahagi ang mga katotohanang ito?

*Ikalawang Sesyon:*

# Open Communication

## Pagiging Bukas sa Malalimang Usapan




*Basahin Ito*

## Salita ng Diyos

**Santiago 1:19-20**

"Mga kapatid kong minamahal, unawain ninyo ito: maging alisto kayo sa pakikinig, maingat sa pagsasalita at hindi agad nagagalit. Dahil ang galit ng tao ay hindi nakakatulong upang magawa kung ano ang ayon sa kalooban ng Diyos."

*Isalaysay Ito*

## Sa Aking Sariling Salita

*Pag-usapan Natin Ito*

1. Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos?
2. Ano ang natutunan mo tungkol sa tao?
3. Anong parte ng talata ang nahirapan kang unawain? Bakit?
4. Ano ang napagtanto mo ukol sa iyong communication style na may kaugnayan sa pakikinig at pagsasalita?
5. Anu-ano ang mga pagbabagong gagawin mo sa pakikitungo sa iyong pamilya / ka-eskewla / ka-trabaho?

*Bigyang Diin Ito*

# Ang open at malalimang pakikipag-usap ang nagbibigay ng pagkakataon sa bawat isa na maibahagi ang tunay nilang kaisipan at damdamin na walang paghuhusga.

Kapag open at malalim ang komunikasyon, mayroong mas malakas na impluwensya.

## 1 Mas makinig ng mabuti at huwag mangaral o mag-lecture.

Sa Santiago 1:19-20, binigyan tayo ng Diyos ng tamang paraan para sa pakikipag-usap: ito ay mas makinig kaysa magsalita. Dapat nating matutunan na makinig para maintindihan ang kausap kaysa magsalita ng magsalita para tayo'y intindihin.

## 2 Ibigay ang buong pansin.

Ipadama ang kahalagahan ng kausap sa pamamagitan ng pagiging tunay na interesado sa kanyang sinasabi. Kailangang tingnan ang kausap sa mata at makinig ng mabuti sa sinasabi ng labi at di sinasabi sa pamamagitan ng kilos ng katawan. Itigil ang ano mang ginagawa tulad ng pagtingin sa telepono o anumang gadget kapag may kausap.

## 3 Palagian bigyan ng panahon ang pakikipag-usap.

Sa tuwing nais ng anak, asawa, o ibang tao na makipag-usap, maglaan hangga't maari ng panahon. Ang paglalaan ng regular na pahahon para makipag-usap ay nagpapahiwatig na nais nating kumonekta ng mas malalim sa mga tao sa ating paligid. Kapag ito'y naging kasanayan natin, malalaman nilang tayo'y nagmamalasakit at hindi sila matatakot na lumapit sa atin kapag kailangan nila ng tulong.

## 4 Magtanong na maghahatid sa malalimang usapan.

Upang mas maintidihan ang nilalaman ng puso ng isang tao, napakahalaga na gumamit ng open-ended questions, o mga katanungan na hindi kayang sagutin ng simpleng "oo" o "hindi." Tanungin kung ano ang kanilang iniisip, nararamdaman, at kung bakit nila nasabi ito.

## 5 Linawin ang sinabi kung tama ang intindi.

Unawain at tanggapin ang nararamdaman ng ibang tao sa pamamagitan ng paglilinaw ng sinabi. Maaring gamitin ang mga katagang, "tama ba ang intindi ko sa sinabi mo?" at sabihin kung ano ang intindi sa mahinahon na paraan. Hintayin na pagtibayin kung tama nga ang ating pagkakaintindi sa nilalaman ng kanilang puso. Sa pag-uusap, hindi ang ating pananaw kundi ang kanilang pananaw ang kailangan nating makita.

## 6 Makipag-ugnayan at huwag makipag-away.

Kung hindi tama ang pananaw ng kausap, huwag magalit. Hangarin na magkalinawan kaysa magdebate, manghusga, o maliitin ang kausap. Ang layunin ay matulungan silang ma-proseso ang kanilang iniisip para ito'y maging pananaw na karangal-rangal sa Diyos. Maari mong ipabasa ang Salita ng Diyos na may kaugnayan sa kanilang situwasyon at saka tanungin kung ano ang sinasabi ng Diyos sa kanila base sa mga talatang nabasa. Para magabayan ang kausap sa tamang pag-iisip at pag-uugali patungkol sa kasalukuyang isyu, kailangang maisalarawan natin ang asal ni Hesus sa pamamagitan ng pagsasalita ng katotohanan na may pag-ibig.

## 7 Tanungin kung paano sila ipapanalangin.

At pagkatapos tanungin sila kung tinugon na ng Diyos ang panalangin.

# Isapamuhay Ito

Ayon sa ating napag-aralan mula sa **Ikalawang Sesyon** ng **M.O.T.I.V.A.T.E.** na **Open Communication o Pagiging Bukas sa Malalimang Usapan**, isulat ang iyong gagawin para ipamuhay ang aralin na ating natutunan. Gawin mo itong iyong **"I Will..."** o **"Ang aking gagawin..."** na pangungusap. Gamitin natin ang **S.M.A.R.T.** Bilang ating patnubay sa ating gagawin.

**S** imple *(simple)*
**M** easurable *(masusukat)*
**A** ppropriate *(angkop)*
**R** ealistic *(makatotohanan)*
**T** ime-bound *(may takdang panahon)*

**Ang aking gagawin...**

# Ibahagi Ito

## Sa loob ng linggong ito, kanino mo ibabahagi ang mga katotohanang ito?



# Ikatlong Sesyon:
# Time
## Pagbibigay Oras

Basahin Ito

## Salita ng Diyos

**Marcos 3:14**
"Pumili siya ng 12 [na tinawag niyang mga apostol] upang makasama niya at suguing mangaral."

**Gawa 4:13**
"Namangha sila kina Pedro at Juan dahil sa lakas ng loob nilang magsalita, lalo na nang malaman nilang mga karaniwang tao lang sila at walang mataas na pinag-aralan. Namukhaan din nilang sila'y mga kasama ni Jesus noon."

Isalaysay Ito

## Sa Aking Sariling Salita

Pag-usapan Natin Ito

1. Ano ang nagustuhan mo sa mga talatang ito?
2. Anong parte ng talata ang nahirapan kang unawain? Bakit?
3. Ano ang natutunan mo patungkol kay Hesus?
4. Ano ang natutunan mo patungkol sa pagsunod (o pagsama) kay Hesus?
5. Ano ang natutunan mo patungkol sa kahalagahan ng paglalaan ng oras sa abilidad mong magkaroon ng impluwensya sa iba?
6. Anu-ano ang mga pagbabagong gagawin mo sa pakikitungo sa iyong pamilya / ka-eskewla / ka-trabaho?

Bigyang Diin Ito

# Ang oras ay mahalaga sa pagtaguyod ng ugnayan o relasyon.

## 1 Unahin ang mahalagang relationships.

Sinadya ni Hesus ang paggugol ng panahon sa Kanyang mga alagad. Namuhay, nagturo, nagsanay, kumain, at nag-ministeryo Siya kasama nila. Katulad ni Hesus, kung gusto nating magkaroon ng impluwensya sa ating pamilya at mga mentee, kailangan nating maging intentional sa pagiging "fully present" at sa paggugol ng panahon sa kanila.

## 2 Mas mahabang oras ay mas malakas na impluwensya.

Nakita natin kung paano binigyang halimbawa ni Moises ang life-on-life discipleship. Gumugol sya ng maraming panahon para kay Josue. Hinayaan nya na panoorin sya ni Josue ng malapitan. Dahil dito, naihanda si Josue para pumalit kay Moises para ihatid ang Israel sa lupang pangako. (Bilang 11:28)

## 3 Ang kalidad at kahabaan ng panahon ay magkasama.

Nagbibigay tayo na maraming oras sa mga bagay na importante sa atin. Kung mahalaga ang ating pamilya, gugugulan natin ito ng kalidad at mahabang panahon. Kung mas maraming oras ang ibinibigay sa pamilya, mas magkakaroon ng maraming pagkakataon na maitaguyod ang mas mabuting relasyon sa kanila. Ang mabuting ugnayan ay magdudulot ng mas malakas na impluwensya sa kanilang buhay.

## 4 Maging handa sa "Magic Moments".

Ito ang mga pagkakataong bigla silang magbubukas ng kanilang saloobin sayo. Ito ang panahong iniimbitahan ka nilang makapasok sa kanilang pribadong saloobin at lihim na kaisipan, at ang panahong maari silang magbigay ng mga katanungang makakapag bago ng kanilang buhay. Nangyayari ang mga pagkakataong ito kapag lagi kayong magkasama, kapag lumalalim ang relasyon ninyo, at nakukuha mo ang kanilang pagtitiwala.

## 5 Tingnan ang paggamit ng oras bilang investment.

Ang oras na ginugol sa pamilya at mga disciples ay isang investment na mayroong walang hanggang dibidendo. Hindi tayo magkakapanahon kung hindi natin sasadyain. Ang walang oras ay kathang isip lamang. Lagi tayong may panahon sa bagay na mahalaga para sa atin.

# Isapamuhay Ito

Ayon sa ating napag-aralan mula sa **Ikatlong Sesyon** ng **M.O.T.I.V.A.T.E.** na **Time** o **Pagbibigay Oras**, isulat ang iyong gagawin para ipamuhay ang aralin na ating natutunan. Gawin mo itong iyong **"I will..."** o **"Ang aking gagawin..."** na pangungusap. Gamitin natin ang **S.M.A.R.T.** bilang ating patnubay sa ating gagawin.

**S**imple *(simple)*
**M**easurable *(masusukat)*
**A**ppropriate *(angkop)*
**R**ealistic *(makatotohanan)*
**T**ime-bound *(may takdang panahon)*

**Ang aking gagawin...**

# Ibahagi Ito

## Sa loob ng linggong ito, kanino mo ibabahagi ang mga katotohanang ito?



# Ika-Apat na Sesyon: Intimacy

## Kapalagayang Loob

Basahin Ito

## Salita ng Diyos

**1 Corinto 15:33**
Huwag kayong palilinlang sa kasabihang iyan. Sa halip, ito ang inyong paniwalaan: "Ang masasamang kasama'y nakakasira ng mabuting ugali."

**Mateo 5:23-24**
Kaya kung nasa altar ka at nag-aalay ng iyong handog sa Dios, at maalala mong may hinanakit sa iyo ang iyong kapatid, [24] iwanan mo muna ang handog mo sa harap ng altar. Makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid at saka ka bumalik at maghandog sa Dios."

Isalaysay Ito

## Sa Aking Sariling Salita

Pag-usapan Natin Ito

1. Ano ang nagustuhan mo sa mga talatang ito?
2. Anong parte ng talata ang nahirapan kang unawain? Bakit?
3. Ano ang natutunan mo patungkol sa Diyos?
4. Ano ang natutunan mo patungkol sa tao?
5. Ano ang natutunan mo patungkol sa kahalagahan o epekto ng relationships sa ating buhay?
6. Anu-ano ang mga pagbabagong gagawin mo sa pakikitungo sa iyong pamilya / ka-eskewla / ka-trabaho?

Bigyang Diin Ito

# Ang pagiging malapit sa isa't-isa ang nagtataglay ng mas epektibong impluwensya.

## 1 Pasukin ang kanilang daigdig.

Alamin natin ang kanilang mga kinahihiligang gawin at samahan sila. Kung maari'y sila'y panoorin. Ang masasayang oras na magkasama ay nakapagtitibay ng inyong relasyon at nagpapahayag na masaya kang kasama sila. Tanungin ang kanilang mga pangarap, takot at sama ng loob. Matutong makinig sa kanila ng mabuti sa tuwing nagsasabi sila ng kaganapan sa kanilang buhay.

## 2 Magkuwento ng sariling karanasan at damdamin.

Sa tuwing tayo'y nagkukuwento ng ating mga karanasan—mga iba't-ibang panahon sa ating buhay, kasiya-siyang lakbayin, kabiguan, pagkakamali, ang mga natutunan natin dito, at ang ating mga naisin at mga pangarap - ang pagiging totoo at tunay ay nagdudulot ng kalapitan sa kanila.

## 3 Maglaan ng espesyal na oras.

Magdiwang ng sama-sama sa mga espesyal na panahon, tulad ng birthday, holidays, atbp. Ito'y para makakonek sa pamilya. Maglaan din ng espesyal na oras sa bawa't isa—asawa, anak, magulang, lolo at lola, o kapatid.  Ito rin ay napakahalaga.

## 4 Gumawa ng sama-sama: kinahihiligan, laro, kainan, atbp.

Maraming paraan para maging masaya ang pagsasama. Magbakasyon ng sama-sama. Maaring maikli o mahabang bakasyon sa ibang lugar o simpleng pagpunta sa isang bagong lugar. Maglaro ng kahit anong hilig na pampalakasan. Maari ding magdiskubre ng kahihiligang gawin ng sama-sama. Magbigay ng panahon na walang gagambala sa pag-uusap.

## 5 Manalangin at mag-aral ng Salita ng Diyos ng sama-sama.

Kapag nanalangin ng sama-sama, nalalaman din natin ang kanilang pasanin. Maari itong gawin habang kumakain ng sabay-sabay sa hapag kainan, o anumang oras na naitakda. Kung minsan nga ay nagaganap ito ng natural. Magkaroon ng pampamilyang pag-aaral ng Biblia, isang araw bawat linggo. Pag-usapan ang mensaheng narinig sa pulpito o isang sitas sa Biblia. Ipahintulot na ang bawa't isa ay magbahagi ng kanilang kuru-kuro at paano ito ipamumuhay. Ito ay nagbibigay pinto sa espirtuwal na paglago at malapit na ugnayan sa isa't-isa.

## 6 Mag lingkod sa Diyos ng magkakasama.

Ang pagtuturo, pagmamalasakit at pagtulong sa iba ng sama-sama ay nagpapatibay ng relasyon sa isa't-isa. Nababahagi natin sa isa't-isa ang ating kasiyahan dahil sa mga nababagong buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

## 7 Ayusin ang nasirang relationships.

Ang kaayusan ng relasyon sa isa't-isa ay mahalaga sa Diyos. Nais Niya na walang hidwaan sa atin kung kaya dapat ayusin agad ang anumang gusot sa relasyon upang maihatid sila sa Panginoon. Ito'y napakaseryosong bagay sa Diyos. Ipinag-utos Niya na ayusin ang relasyon bago maghain ng anuman handog sa Kanya. (Mateo 5:23-24)

Tanungin ang kapamilya o ang ibang tao ng mga tanong tulad nito:

*Paano ako magiging mas mabuti? Nasaktan ba kita o nabigo? Maari mo ba akong patawarin?*

Ito'y nagbibigay pagkakataon na magbukas ng kanilang puso sa iyo.

# Isapamuhay Ito

Ayon sa ating napag-aralan mula sa **Ika-Apat na Sesyon** ng **M.O.T.I.V.A.T.E.** na **Intimacy** o **Kapalagayang Loob**, isulat ang iyong gagawin para ipamuhay ang aralin na ating natutunan. Gawin mo itong iyong **"I will..."** o **"Ang aking gagawin..."** na pangungusap. Gamitin natin ang **S.M.A.R.T.** bilang ating patnubay sa ating gagawin.

- **S** imple *(simple)*
- **M** easurable *(masusukat)*
- **A** ppropriate *(angkop)*
- **R** ealistic *(makatotohanan)*
- **T** ime-bound *(may takdang panahon)*

**Ang aking gagawin...**

# Ibahagi Ito

## Sa loob ng linggong ito, kanino mo ibabahagi ang mga katotohanang ito?



# Ika-Limang Sesyon: Vision
## Pangarapin

Basahin Ito

## Salita ng Diyos

**Kawikaan 29:18**
"Kapag tinanggihan ng isang bansa ang turo at gabay ng Dios, wala itong kapayapaan. Mapalad ang mga taong sumusunod sa turo ng Dios."

**Jeremias 29:11**
"Alam ko kung paano ko tutuparin ang mga plano ko para sa kabutihan nyo at hindi sa kasamaan nyo, at plano para bigyan kayo ng pag-asa na magkaroon kayo ng mabuting kinabukasan."

**Efeso 2:10**
"Nilikha tayo ng Dios; at sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, binigyan niya tayo ng bagong buhay, para gumawa tayo ng kabutihan na noon pa'y itinalaga na ng Dios na gawin natin."

Isalaysay Ito

## Sa Aking Sariling Salita

## Pag-usapan Natin Ito

1. Ano ang nagustuhan mo sa mga talatang ito?
2. Anong parte ng talata ang nahirapan kang unawain? Bakit?
3. Ano ang natutunan mo patungkol kay Hesus?
4. Ano ang natutunan mo patungkol sa tao?
5. Sa iyong palagay, ano ang kahalagahan ng vision upang magkaroon tayo ng impluwensya sa ating pamilya, kamag-anak, ka-eskwela, ka-trabaho, atbp.?
6. Anu-ano ang mga pagbabagong gagawin mo sa pakikitungo sa iyong pamilya / ka-eskewla / ka-trabaho?

## Bigyang Diin Ito

# Ang vision or pangarapin ay nabibigay ng patunguhan, layunin at sigla.

### 1 Ipaunawa na may katangi-tanging plano ang Diyos sa bawat isa.

Maging tagapag bigay sigla tayo sa pangarap ng Diyos sa iba! Tulungan natin na makita nila ang katangi-tanging pangarap ng Diyos para sa bawat isa sa kanila. Pinagkalooban tayo ng Diyos ng iba't ibang talino, kaloob, galing, at personalidad para magampanan natin ang kanyang pangarapin para sa atin.

### 2 Ipaunawa na ang pangarapin ay may malaking epekto sa ating mga kasalukuyang pagpili.

Ang ating itinanim ay atin ring aanihin. Ang tao ay hindi aani ng mabuti kung masama ang kanyang itinanim (Galacia 6:7)

Ang ating kasalukuyang pagpili ay makakaapekto sa ating kinabukasan, kung kaya dapat tayong mamili ayon sa pangarapin natin sa panghinaharap. Tandaan na ang ating direksyon ang magtatalaga ng ating destinasyon.

### 3 Ipaunawa ang kahalagahan ng pagpipigil.

Ito ang prinsipyo ng "Pay now and play later or play now, pay later" (magbayad ngayon at saka ka na maglaro o maglaro ngayon at saka ka na magbayad)."

Ang maging responsable ngayon ay ang prinsipyo ng "pay now and play later." Ang paglalaro o paghahangad ng kasiyahan ngayon at pagpapabaya sa mga responsibilidad ay magdudulot ng negatibong kahihinatnan at magbabayad din sa bandang huli.

### 4 Ipaunawa na ang bawat pagpili ay may consequences.

Sa mga kuwento ng ating buhay, ng ibang tao, at ng mga tao sa Biblia, ipakita natin na ang pagpili ng tama ay nagdudulot ng pagpapala sa buhay pero ang pagpili ng mali ay nagdudulot ng mahirap at masakit na kahihinatnan. Tayo ay mananagot sa lahat ng ating pagpili. Malaya tayong mamili sa buhay pero hindi tayo malayang mamili ng kahihinatnan nito.

### 5 Mapuspos tayo ng Holy Spirit.

May mas malaking larawan ang pangarapin para sa mga tagasunod ni Hesus. Ang pangunahing pangarapin ng Diyos ay ang maluwalhati Siya sa lahat ng ating ginagawa. Hikayatin natin ang ating mga mahal sa buhay na gawin ang lahat ng kanilang makakaya at sa kapangyarihan ng Holy Spirit sila'y mamuhay ng karangal-rangal kay Hesus. (1 Corinto 10:31)

# Isapamuhay Ito

Ayon sa ating napag-aralan mula sa **Ika-Limang Sesyon** ng **M.O.T.I.V.A.T.E.** na **Vision o Pangarapin**, isulat ang iyong gagawin para ipamuhay ang aralin na ating natutunan. Gawin mo itong iyong **"I will..."** o **"Ang aking gagawin..."** na pangungusap. Gamitin natin ang **S.M.A.R.T.** bilang ating patnubay sa ating gagawin.

**S** imple *(simple)*
**M** easurable *(masusukat)*
**A** ppropriate *(angkop)*
**R** ealistic *(makatotohanan)*
**T** ime-bound *(may takdang panahon)*

**Ang aking gagawin...**

# Ibahagi Ito

## Sa loob ng linggong ito, kanino mo ibabahagi ang mga katotohanang ito?



Ika-Anim na Sesyon:

# Affirmation

## Pagpapatibay/Pagtataguyod

Basahin Ito

## Salita ng Diyos

**Kawikaan 18:21**
"Ang salita ng tao ay makapagliligtas ng buhay o kaya ay makamamatay. Kaya mag-ingat sa pagsasalita sapagkat aanihin mo ang mga bunga nito."

**Efeso 4:29**
"Huwag kayong magsasalita ng masama kundi iyong makabubuti at angkop sa sitwasyon para maging kapaki-pakinabang sa nakakarinig."

**Mateo 3:17**
At may boses na narinig mula sa langit na nagsasabi, "Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan."

Isalaysay Ito

## Sa Aking Sariling Salita

## Pag-usapan Natin Ito

1. Ano ang nagustuhan mo sa mga talatang ito?
2. Anong parte ng talata ang nahirapan kang unawain? Bakit?
3. Ano ang natutunan mo patungkol kay Hesus?
4. Ano ang natutunan mo patungkol sa tao?
5. Ano ang natutunan mo patungkol sa kapangyarihan ng mga salitang bininitawan natin sa ating kapwa?
6. Anu-ano ang mga pagbabagong gagawin mo sa pakikitungo sa iyong pamilya / ka-eskewla / ka-trabaho?

## Bigyang Diin Ito

# Ang mapagpatibay na salita ay nagdudulot ng positibong pagbabago.

### 1 Pagtibayin ang ibang tao sa pamamagitan ng positibong salita at iwasan ang kahit anong mapagpanirang salita.

Huwag magsalita ng kahit anong nakakasira o nakakamatay na mga salita sa iba. Ito'y mga salita na nakakasakit sa puso at espiritu ng tao na magdudulot ng kahinaan ng loob. Nawawalan sila ng kumpiyansa at nagkakaroon ng masamang pagkilala sa sarili. Kailangan natin na sadyain na magsalita ng mga katagang magtataguyod sa kanila ng buhay (life words). Ito'y mga salitang nagpapatibay at nagtataguyod sa iba. (Efeso 4:29)

### 2 Pagtibayin ang katangian ng isang tao.

Nilikha ng Diyos ang bawat isang katangi-tangi. Ang bawa't isa ay obra maestra (Efeso 2:10). Tulungan mo ang iyong asawa, anak, at ang ibang tao na makita nila ang kanilang katangi-tanging kaloob at atin silang iangat ayon sa kanilang taglay na katangian. Iwasan na ihambing sila sa iba dahil maging ang Diyos ay hindi tayo ipinaghahambing sa isa't-isa.

### 3 Pagtibayin sila sa pag-ibig na walang hinahanap na kapalit.

Walang sinisino ang pag-ibig ng Diyos (Roma 5:8). Ito'y pag-ibig na hindi humahanap ng kapalit. Ito'y pangakong igagawad ang pinakamabuti sa taong hindi perpekto kung kaya't ito'y kadalasang may sakripisyo. Ganito ang pag-ibig na dapat nating iukol sa isa't isa. Pagtibayin natin ang pag-ibig na ito sa ating pamilya sa pagsabi ng mga katagang ito: “mahal kita at wala kang magagawa para matigil ang pagmamahal ko sayo.”

### 4 Pagtibayin ang pag-unlad.

Pagtibayin sa bawat miyembro ng pamilya o kahit kaninong tagasunod ang kanilang pag-unlad, malaki man o maliit. Ito'y naghihikayat sa kanilang paglago. Sanayin nating tumingin ng parang tiktik upang madali nating makita ang mga kaugalian na nagtatanghal kay Hesus sa kanilang mga buhay. Tuwing makikita natin ang ganoong kaugalian, sadyain natin itong purihin.

### 5 Pagtibayin sila sa pamamagitan ng pisikal na kagiliwan o affection.

Ang kagiliwan ay positibong pagtitibay ng walang salita. Ito ay maaring pinapahayag sa pagyakap, pag-akbay, o tapik sa balikat bilang tanda ng pagkagiliw. Ayon sa pag-aaral, ang taong yinayakap ay naglalabas ng “oxytocin” sa utak na nagbibigay ng kahinahunan at saya sa tao. Si Hesus ay magiliw at hindi takot hawakan maging ang taong may sakit. (Marcos 10:16)

### 6 Pagtibayin ang iba sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mataas na pag-asa.

Pag mataas ang ating pag-asa sa tao, pinagtitibay natin ang kanilang kakayanan at nahihikayat sila na abutin ang mataas na pangarap. Sadyain na itaguyod ang positibong mataas na pag-asa para sa kanila at makita ang positibong resulta.

### 7 Iwasan na tumutok sa kamalian at kakulangan.

Ang Diyos ang nagsimulang kumilos sa kanilang buhay at puso. Siya rin ang magpapaganap nito (Filipos 1:6).

Pagtibayin ang kanilang potensyal kay Kristo at hikayatin sila na makamtan ito. Huwag nating tingnan kung sino sila ngayon kundi kung sino sila kay Hesus pag ginanap na ng Diyos ang kanilang potensyal.

Iangat natin ang positibong salita ng pagpapatibay at iwasan ang mga negatibong salita ng pagtutuwid. Kung maari ay magbigay ng limang (5) positibong komento sa bawat isang (1) pagtutuwid *(Harvard Business Review, March 15, 2013).*

# Isapamuhay Ito


Ayon sa ating napag-aralan mula sa **Ika-Anim na Sesyon** ng **M.O.T.I.V.A.T.E.** na **Affirmation** o **Pagpapatibay/ Pagtaguyod**, isulat ang iyong gagawin para ipamuhay ang aralin na ating natutunan. Gawin mo itong iyong **"I will..."** o **"Ang aking gagawin..."** na pangungusap. Gamitin natin ang **S.M.A.R.T.** bilang ating patnubay sa ating gagawin.

**S** imple *(simple)*
**M** easurable *(masusukat)*
**A** ppropriate *(angkop)*
**R** ealistic *(makatotohanan)*
**T** ime-bound *(may takdang panahon)*

**Ang aking gagawin...**

# Ibahagi Ito

## Sa loob ng linggong ito, kanino mo ibabahagi ang mga katotohanang ito?



Ika-Pitong Sesyon:

# Teach & Train

## Pagtuturo at Pagsasanay

Unang Bahagi

Basahin Ito

## Salita ng Diyos

**Efeso 6:1-3**
"Mga anak, sundin nyo ang mga magulang nyo dahil ito ang nararapat gawin bilang mga mananampalataya sa Panginoon. "Igalang nyo ang inyong ama't ina." Ito ang unang utos na may kasamang pangako. At ito ang pangako, "Giginhawa ka at hahaba ang buhay mo rito sa lupa."

**Roma 13:1**
"Magpasakop kayong lahat sa mga namumuno sa pamahalaan. Sapagkat ang lahat ng pamahalaan ay nagmula sa Dios, at siya ang naglagay sa mga namumuno sa kanilang pwesto."

Isalaysay Ito

## Sa Aking Sariling Salita

Pag-usapan Natin Ito

1. Ano ang nagustuhan mo sa mga talatang ito?
2. Anong parte ng talata ang nahirapan kang unawain? Bakit?
3. Ano ang natutunan mo patungkol sa Diyos?
4. Ano ang natutunan mo patungkol sa tao?
5. Ano ang natutunan mo patungkol sa pagtuturo at pagsasanay ng ibang tao sa tamang pagsunod sa Diyos at mga namumuno?

*Bigyang Diin Ito*

# Ang epektibong pagsasanay ay resulta ng pagsunod sa magulang, sa Diyos at pagsasapuso ng mga pinapahalagahang kaugalian.

## 1 Ang pagsunod ay nagdudulot ng biyaya.

Ito ay pangako ng Diyos sa Efeso 6:3. Diinan ito sa pagturo ukol sa pagsunod.

## 2 Sumunod ng may pag galang at positibong saloobin.

Ay pagsunod ayon sa Biblia ay nakatuon sa respeto sa kinauukulan. Tayo ay dapat sumunod sa mga itinalagang authorities sa atin ng Diyos:

- Magulang
- Pinuno sa Pamahalaan
- Guro
- Lider sa Simbahan
- Asawang Lalaki
- Amo (sa pinagtatrabahuhan)

Ang magalang na pagsunod sa mga tinalaga ng Diyos na ating authorities sa buhay ay pagsunod sa Diyos na ating pinagtitiwalaan na mag-iingat sa atin. Kung tayo'y sumusuway sa kanila, tayo ay sumusuway sa Diyos, maliban na lang kapag ang kapangyarihan sa lupa ay nag-uutos na sumuway sa Diyos. (Gawa 5:29)

## 3 Ang pagsunod ay hindi nagpapasandali.

Ang hindi agarang pagsunod sa utos ay pagsaway sa pinag-uutos (Awit 119:60)

## 4 Sumusunod sa isang salita lamang.

Marami sa atin ang sumusunod kapag nakailang ulit ng sinabi o dahil sa tinakot na sa pamamagitan ng karampatang kaparusahan. Kailangan nating matutunan na sumunod sa kapangyarihan sa unang pag-utos pa lamang. Karapat-dapat na maituro ito sa ating mga anak at mga disciples.

Kung palaging inuulit ang utos o kinakailangan pang takutin ng parusa dahil sa di pagsunod, tinuturuan natin silang maging lapastangan at pasaway sa atin.

# Isapamuhay Ito

Ayon sa ating napag-aralan mula sa **Ika-Pitong Sesyon** ng **M.O.T.I.V.A.T.E.** na **Teach & Train** (Part 1) o **Pagtuturo at Pagsasanay** (Unang Bahagi), isulat ang iyong gagawin para ipamuhay ang aralin na ating natutunan. Gawin mo itong iyong **"I will..."** o **"Ang aking gagawin..."** na pangungusap. Gamitin natin ang **S.M.A.R.T.** bilang ating patnubay sa ating gagawin.

**S** imple *(simple)*
**M** easurable *(masusukat)*
**A** ppropriate *(angkop)*
**R** ealistic *(makatotohanan)*
**T** ime-bound *(may takdang panahon)*

**Ang aking gagawin...**

# Ibahagi Ito

## Sa loob ng linggong ito, kanino mo ibabahagi ang mga katotohanang ito?



# Ika-Walong Sesyon:
# Teach & Train
## Pagtuturo at Pagsasanay
### Ikalawang Bahagi

Basahin Ito

## Salita ng Diyos

**Deuteronomio 6:5-7**
"Mahalin ninyo ang Panginoon na inyong Dios nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buo ninyong lakas. Huwag ninyong kalilimutan ang mga utos na ito na ibinigay ko sa inyo ngayon. Ituro ninyo ito sa inyong mga anak. Pag-usapan ninyo ito kapag kayo'y nasa inyong mga bahay at kapag naglalakad, kapag nakahiga, at kapag babangon kayo."

**Lucas 2:52**
"Patuloy na lumaki si Jesus at lalo pang naging matalino. Kinalugdan siya ng Dios at ng mga tao."

**Roma 12:2**
"Huwag ninyong tularan ang mga pag-uugali ng mga tao sa mundong ito. Hayaan ninyong baguhin kayo ng Dios sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong mga isip, para malaman ninyo ang kalooban ng Dios – kung ano ang mabuti, ganap, at kalugod-lugod sa kanyang paningin."

Isalaysay Ito

## Sa Aking Sariling Salita

Pag-usapan Natin Ito

1. Ano ang nagustuhan mo sa mga talatang ito?
2. Anong parte ng talata ang nahirapan kang unawain? Bakit?
3. Ano ang natutunan mo patungkol sa Diyos?
4. Ano ang natutunan mo patungkol kay Hesus?
5. Ano ang natutunan mo patungkol sa pagsunod kay Hesus?
6. Ano ang natutunan mo patungkol sa pagtuturo at pagsasanay sa mga susunod na henerasyon? (Ang mga kabataan at single ay maaring sumagot patungkol sa spiritual generations- ang mga mas nakababata na maari nilang ma-disciple.)

# Ang pagsanay sa pamumuhay ay nakakatulong sa pagsasapuso ng mga pinapahalagahan.

## 1 Turuan patungkol sa kanilang pagkatao.

a. Nakikita ng Diyos ang kanilang kahalagahan. Ang kanilang pagkatao at halaga ay ayon sa tingin ng Diyos sa kanila—espesyal at di matatawaran (Salmo 139:14)

b. Nais ng Diyos na sila'y maging katulad ni Hesus sa kaugalian. Itaguyod ang mala Kristong buhay sa isip, salita at sa gawa. Ito ang puso ng "discipleship" o pagsunod kay Hesus. (Roma 8:29)

c. Nais ng Diyos na sila'y maging matapang dahil sa Kanya o magkaroon ng "God-confidence." Ito ay tapang dahil sa kapangyarihan ng Diyos-- May kakayanan silang gawin ang pinagagawa ng Diyos. (Filipos 4:13)

## 2 Turuan sila tungkol sa pamilya.

a. Turuan silang maging magalang sa pamilya. Ang paggalang ay mahalaga sa pagkakaroon ng mabuting relasyon. Kapag may paggalang sa bawa't isang miyembro ng pamilya, magkakaroon ng maayos at malapit na relasyon sa isa't-isa. (Mateo 7:12)

b. Turuan silang maging mapagpatawad sa isa't-isa. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, pinatawad ang lahat ng ating kasalanan nang magtiwala tayo kay Hesukristo bilang ating Panginoon at Tagapagligtas. Iyan ang batayan ng ating pagpapatawad sa isa't-isa. Ang pagpapatawad at mapatawad ay nakapakahalaga para magkaroon ng masaya at mapayapang relasyon sa iba. (Efeso 4:31-32)

c. Turuan sila na magbigay at gumugol sa buhay ng bawa't miyembro ng pamilya. Ang sagot sa pagiging makasarili ay ang paglilingkod sa iba, lalo na sa pamilya. Nagbabago ang puso ng tao sa kanilang mga pinagsisilbihan at tinutulungan. Nagiging mas mabait at mapagmahal sila sa taong iyon. (Filipos 2:4)

## 3 Turuan sila tungkol sa pakikipagkaibigan.

a. Kailangan silang maging matalino sa pagpili ng kaibigan. Kung sino ang lagi nating kasama, siya ang higit na makakaimpluwensya sa atin. (1 Corinto 15:33)

b. Turuan sila ng kahalagahan ng pagtayo ng mag-isa para kay Hesus kung kinakailangan. Kailangan nilang ilaan ang kanilang buhay sa pagsunod at paglugod sa Diyos. (Acts 5:29)

c. Turuan sila na ang paggalang sa ibang pananampalataya at pananaw ay di pagsang-ayon at pagtanggap ng kanilang maling gawa lalo na kapag ang kanilang paniniwala ay salungat sa turo ng Diyos sa Biblia.

d. Turuan sila na ang pag-ibig ay pag hahangad ng pinakamabuting bagay para sa iba.

## 4 Turuan sila sa pagpili ng kanilang mapapangasawa.

Ang kanilang mapapangasawa ay may malaking impak sa kanilang magandang kinabukasan (Kawikaan 31:10-12) o masamang kinabukasan (2 Corinto 6:14-15) na may mahabang pag-aani. Maari itong maglapit o maglayo sa kanila sa Diyos. Kailangan nilang ihanda ang kanilang sarili para mabuhay sila ayon sa nais ng Diyos. Kailangan nilang matanggap ang pagsang-ayon ng kanilang magulang bago mag commit sa isang relasyon o sa pag-aasawa.

## 5 Turuan sila tungkol sa daigdig.

a. Turuan sila na huwag umayon sa gawi ng mundo. Ang pagsang-ayon sa mga pinahahalagahan ng mundo ay salungat sa pinahahalagahan ng Diyos ayon sa Kanyang salita. Kapag inaral at sinunod natin ang Salita ng Diyos, ang katotohanan, mababago ang ating mga isip at hindi natin tutularan ang mundong ito. (Roma 12:2)

b. Turuan sila na mag-ingat sa anumang uri ng adiksyon lalo na sa bagay na "digital." Kailangan natin na sadyain na balaan sila sa mga panganib sa pamamagitan ng paglagay ng mga panuntunan at pag-iingat upang maiwasan ang maling pagkalantad sa maari nila maging adiksyon. Sanayin ang pamilya sa tamang mga gawi lalo na sa internet o "social media."

## 6 Turuan silang magkaroon ng paninindigan.

Hindi maiiwasan ang mga tukso, pero ang pagkakaroon ng matibay na pananalig o convictions ay makakatulong sa ating pamilya, mga anak, at disciples na makaiwas sa maling mga pagpili. Kailangan nilang mag desisyon sa simula pa lang kung ano ang gagawin nila kapag dumating ang tukso. Ito ang ilan sa mga convictions na dapat nilang maisapuso:

- Kadalisayan sa bagay na sexual: laban sa sexual na gawain lalo na sa pagtatalik bago mag-asawa at labas sa buhay ng mag-asawa (2 Timothy 2:22)
- Pag-iwas sa iba't-ibang masamang adiksyon (Efeso 5:18)
- Sa tamang paggamit ng oras at paggamit ng kaloob ng Diyos at abilidad (Efeso 5:15-17)
- Pamumuhay na nakakalugod sa Diyos (2 Corinto 5:9-10)
- Ang di pagmahal sa mundo at mga makamundong bagay. (1 Juan 2:15)
- Ang pag ambag ng makabuluhang pagbabago sa mundo para Diyos (Matthew 5:13-14, 16)

*Bigyang Diin Ito*

# Ang pagtuturo ng pamumuhay ay sinasagawa na kasama silang mamuhay.

## 1 Tulungan silang maitaguyod ang kanilang buong pagkatao.

Ang layunin ng "discipleship" ng ating mga anak at iba ay para matulungan sila na makamtan ang pinagkaloob ng Diyos na potensyal—pisikal, mental, panlipunan, at espirituwal (Lukas 2:52). Ang kabuuang pagsasanay, kasama dito ang IQ (Kakayanan Ng Pag-Iisip), EQ (Emotional Quotient-Kalakasan Ng Damdamin), AQ (Adversity Quotient-Kakayanan Humarap Sa Problema) at SQ (Spiritual Quotient-Kakayanan Sa Pag Harap Sa Tukso).

a. **Sa isip.** Hikayatin ang mga anak na magbasa ng mga aklat at materyal na pang edukasyon, lalung-lalo na ang pag-aaral tungkol sa mga lalaki at babae na nagdulot ng malaking ambag sa lipunan at buhay ng maraming tao.

b. **Sa pisikal.** Hikayatin ang mga anak at disciples na palagiang mag ehersisyo at kumain ng tama at nakapagpapalusog na pagkain tulad ng pag-iwas sa matatamis at pinroseso na mga pagkain.

c. **Panlipunan.** Nilikha tayo para makipag-ugnayan. Kailangan nating imodelo at ituro sa ating mga disciples, kabilang ang ating mga anak, na isipin ang pangangailangan ng iba at makitungo ng may pakikiramay, may totoong interest, at malasakit.

d. **Espirituwal.** Tulungang lumago sila sa kanilang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng paghikayat sa kanilang pagtibayin ang kanilang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesukristo. (Tingnan ang Apendiks B para sa Pagbabahagi ng Magandang Balita sa mga Bata at Apendiks C para sa Pagbabahagi ng Magandang Balita sa Nakatatanda)

Maging isang modelo at hikayatin silang araw-araw na manalangin at magbasa ng Biblia.

*Isapamuhay Ito*

Ayon sa ating napag-aralan mula sa **Ika-Walong Sesyon** ng **M.O.T.I.V.A.T.E.** na **Teach and Train** (Part 2) o **Pagtuturo at Pagsasanay** (Ikalawang Bahagi), isulat ang iyong gagawin para ipamuhay ang aralin na ating natutunan. Gawin mo itong Iyong **"I will…"** o **"Ang aking gagawin…"** na pangungusap. Gamitin natin ang **S.M.A.R.T.** bilang ating patnubay sa ating gagawin.

**S** imple *(simple)*
**M** easurable *(masusukat)*
**A** ppropriate *(angkop)*
**R** ealistic *(makatotohanan)*
**T** ime-bound *(may takdang panahon)*

### Ang aking gagawin…

## Ibahagi Ito

**Sa loob ng linggong ito, kanino mo ibabahagi ang mga katotohanang ito?**




# Ika-Siyam na Sesyon:

# Entrust

## Ipagkatiwala sa Diyos

Basahin Ito

## Salita ng Diyos

**Ezekiel 36:26**
"Bibigyan ko kayo ng bagong puso at bagong espiritu. At ang matitigas ninyong puso ay magiging pusong masunurin."

Isalaysay Ito

## Sa Aking Sariling Salita

Pag-usapan Natin Ito

1. Ano ang nagustuhan mo sa talata na ito?
2. Anong parte ng talata ang nahirapan kang unawain? Bakit?
3. Anong natutunan mo patungkol sa Diyos?
4. Anong natutunan mo patungkol sa tao?
5. Anu-ano ang mga pagbabagong gagawin mo sa pakikitungo sa iyong pamilya / ka-eskewla / ka-trabaho?

Bigyang Diin Ito

# Tanging ang Diyos lamang ang makakapagbago ng puso ng isang tao.

## Bigyan sila ng mga katotohan na pag aanklahan ng kanilang pananampalataya.

Turuan silang maunawaan at ipagtanggol ang kanilang pananampalataya. Ang pananampalatayang Kristiyano ay hindi anti-intellectual.  Maari itong suriin, aralin, at ipagtanggol. Hindi ito bulag na pananampalataya.

## Bakit pwede nating paniwalaan ang Biblia

- **Arkelohiya** - Maraming mga aspeto ng Biblia ang may katibayan ng arkeolohiko.
- **Propesiya** - Tinupad ni Hesus ang mahigit 300 na propesiya mula sa Lumang Tipan.

## Bakit pwede nating paniwalaan si Hesus

Ang pinakamatibay na patunay sa Biblia ay ang Kanyang muling pagkabuhay. Dahil dito, pinagtibay ni Hesus ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan.  (Roma 1:4)

## Turuan mo silang makilala ang Diyos at kung paano magkaroon ng kaugnayan sa Kanya.

Ang pananaw natin sa Diyos ay may malaking epekto sa ating mga buhay. Para lumago sa pananampalataya at mapagtagumpayan ang mga pagsubok sa buhay, kailangan natin ng matibay na kaunawaan sa Diyos ng Biblia. Ang pagtugon natin sa Diyos at sa mga problema ay nakasalalay sa ating pang-unawa sa Kanya bilang Diyos.

- **Ang Diyos ang makapangyarihan sa lahat** — Walang bagay na hindi kontrolado ng Diyos. Ang lahat ay alam at nasa plano Niya. Kayang gawin ng Diyos ang lahat ng nais Niya. (Mga Awit 135:6)
- **Alam ng Diyos ang lahat ng bagay** — Hindi Siya nagkakamali at nagugulat. Alam Niya ang pinakamabuti para sa atin. (Mga Awit 139:2-4)
- **Ang Diyos ay mabuti** — Ang Diyos ay ganap. Siya ay makatuwiran at mapagmahal. Alam at nais ng Diyos ang pinakamabuti para sa atin. Ipinangako Niya na sa lahat ng bagay, Siya ay gumagawa para sa ikabubuti ng mga umiibig sa Kanya. (Roma 8:28)
- **Mahal tayo ng Diyos** — Ang pagmamahal ng Diyos ay lubos at ganap. Ito ay mapagsakripisyong pag-ibig at ganap. Tayo ay makakatiyak sa Kanyang pag-ibig dahil walang makapaghihiwalay sa atin sa Kanyang pagmamahal.   (Roma 8:38-39)
- **Ang Diyos ay nag-gagantimpala** — Ang pananampalataya na kalugud-lugod sa Diyos ay pananampalataya na naniniwala na may Diyos at Siya'y nagbibigay gantimpala sa mga humahanap sa Kanya. Sa tuwing may mga pagsubok kailangan nating magtiwala na kaya ng Diyos na baguhin ang ating sitwasyon at tayo'y gagantimpalaan Niya.  (Mga Hebreo 11:6)
- **Si Hesus ay babalik bilang Hari at Tagapaghusga** — Habang ang katarungan sa ating mundo ay hindi ganap, makakaasa tayo na pagdating ni Hesus, Siya'y maghahari at maghahatid ng tunay na katarungan. (Roma 14:11-12)

Dapat nating ituro sa iba na kailangan nating makita ang mga pangyayari sa ating buhay batay sa kung sino talaga ang Diyos at hindi ayon sa ating pananaw. Kahit na ang mga nangyayari sa ating buhay ay hindi ayon sa ating kagustuhan, hindi natin kailangang mag-alala dahil alam ng Diyos ang lahat ng bagay at alam Niya ang katapusan. Bukod dito, binigyan Niya tayo ng kakayanan na magtagumpay sa mundo sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus (Juan 16:33). Sa Diyos, makaasa tayo na ang pinaka mabuti ay darating din kahit anupaman ang harapin natin sa buhay.

# Isapamuhay Ito

Ayon sa ating napag-aralan mula sa **Ika-Siyam na Sesyon** ng **M.O.T.I.V.A.T.E.** na **Entrust** o **Ipagkatiwala sa Diyos**, isulat ang iyong gagawin para ipamuhay ang aralin na ating natutunan. Gawin mo itong iyong **"I will..."** o **"Ang aking gagawin..."** na pangungusap. Gamitin natin ang **S.M.A.R.T.** bilang ating patnubay sa ating gagawin.

**S**imple *(simple)*
**M**easurable *(masusukat)*
**A**ppropriate *(angkop)*
**R**ealistic *(makatotohanan)*
**T**ime-bound *(may takdang panahon)*

**Ang aking gagawin...**

# Ibahagi Ito

## Sa loob ng linggong ito, kanino mo ibabahagi ang mga katotohanang ito?

# PAGSASALAYSAY SA TATLONG MADALING HAKBANGIN

1. Basahin ng mabuti ang mga talata. Siguruhin na naintindihan ang mga ito.
2. Isulat ang salaysay sa sariling salita. Isaalang-alang ang bawat punto ng orihinal na talata sa pagsalaysay nito. Huwag lang babaguhin ang ikatlo or ikaapat na salita ng orihinal bersikulo.
3. Basahin ulit ang iyong salaysay. Tiyakin hindi malayo sa orihinal na kahulagan ng talata ang sariling salin. Siguruhin na ang mahahalagang punto or information ay naroroon.

Salin mula sa: *"Quoting, Paraphrasing and Summarizing"* published at https://writingcenter.ashford.edu/quoting-paraphrasing-summarizing. Accessed 5/20/2020 6:00 PM GMT+8

Halimbawa ng Pagsalaysay ng Talata sa Biblia:


| **NASB**<br>©1960, 1962, 1963, 1968, 1971, 1972, 1973, 1975, 1977, 1995 Lockman Foundation<br>La Habra, CA. USA | **The Message**<br>Eugene H. Peterson<br>NavPress Publishing<br>©1994, 1995, 1996, 2000, 2001, 2002 | **The Living Bible**<br>©1971 Tyndale House Publishers, Wheaton, Il. USA |
|---|---|---|
| **Literal Version** | **Paraphrase Versions** | |
| **Acts 9:26-27**<br><br>When he came to Jerusalem, he was trying to associate with the disciples; but they were all afraid of him, not believing that he was a disciple.<br><br>But Barnabas took hold of him and brought him to the apostles and described to them how he had seen the Lord on the road, and that He had talked to him, and how at Damascus he had spoken out boldly in the name of Jesus. | **Acts 9:26-27**<br><br>Back in Jerusalem he tried to join the disciples, but they were all afraid of him. They didn't trust him one bit.<br><br>Then Barnabas took him under his wing. He introduced him to the apostles and stood up for him, told them how Saul had seen and spoken to the Master on the Damascus Road and how in Damascus itself he had laid his life on the line with his bold preaching in Jesus' name. | **Acts 9:26-27**<br><br>Upon arrival in Jerusalem he tried to meet with the believers, but they were all afraid of him. They thought he was faking!<br><br>Then Barnabas brought him to the apostles and told them how Paul had seen the Lord on the way to Damascus, what the Lord had said to him, and all about his powerful preaching in the name of Jesus. |


**New Testament: Pinoy Version**
*Philippine Bible Society 2018*

Pagdating ni Saul sa Jerusalem, sinubukan nyang sumama sa mga disciples. Kaso takot silang lahat sa kanya, kasi hindi sila naniniwala na disciple na sya. Pero tinulungan sya ni Barnabas at dinala sya sa mga apostles. Pinaliwanag nya kung paano nakita ni Saul ang Panginoon sa daan, at kung paano nagsalita ang Panginoon sa kanya. Sinabi din ni Barnabas na nung nasa Damascus si Saul, Matapang syang nag-preach sa pangalan ni Jesus.

# PAGBABAHAGI NG MAGANDANG BALITA SA MGA BATA






## GINTO



**TUKLASIN NATIN ANG MAGANDANG PLANO NG DIYOS PARA SA IYO. SIMULAN NATIN SA KULAY NA GINTO.**

Sa tuwing makakakita ako ng kulay na GINTO, naaalala ko ang langit. Sa langit, kahit ang mga daan ay gawa sa GINTO! (Pahayag 21:21)


**Alam mo ba kung sino ang nakatira sa langit?**

**Ang Diyos na Manlilikha!**

**Sa palagay mo, anu-ano ang mga bagay na nilikha ng Diyos?**

**Ikaw at ako ay nilikha ng Diyos at mahal Niya tayong lahat.**
(Juan 3:16)

Ang Diyos ay banal at walang kakulangan. Wala siyang bahid ng anumang kasalanan.



***Gusto ng Diyos na makasama tayong lahat sa langit pero...***

## ITIM



**MERON TAYONG PROBLEMA. ANG PROBLEMANG ITO AY TINATAWAG NA KASALANAN.**

Ipinapaalala ng kulay ITIM ang madilim at malungkot na problemang ito. Lahat tayo ay nakagawa ng kasalanan; hindi tayo karapat-dapat sa paningin ng Diyos. (Roma 3:23)

Ang kasalanan ay anumang bagay na ating iniisip, sinasabi, o ginagawa na hindi nakalulugod sa Diyos. Anu-ano ang mga halimbawa ng kasalanan?

Ang kasalanan ay may kaparusahan. Ang kaparusahang ito ay ang kamatayan. (Roma 6:23)

**Ang kamatayan ay nangangahulugan ng habambuhay na pagkalayo sa Diyos. Sa Bibliya, ito ay tinatawag na impiyerno.**

Darating ang araw na tayong lahat ay mamamatay, at dahil sa kasalanan, habambuhay tayong malalayo sa Diyos.



***Pero may ginawa ang Diyos...***

## PULA



**DAHIL SA SOBRANG PAGMAMAHAL SA ATIN NG DIYOS, GUMAWA SIYA NG PARAAN PARA MAKASAMA NIYA TAYO HABAMBUHAY!**

Ipinaaalala ng kulay na pula ang lubos na pagmamahal sa atin ng Diyos! Dahil sa sobrang pagmamahal sa atin ng Diyos, ipinadala Niya ang kaniyang anak na si Jesus para maging daan patungo sa Kaniya! (Juan 3:16)

Si Jesus ay walang bahid ng anumang kasalanan.

**NAMATAY SI JESUS PARA SA ATIN.**

Namatay Siya bilang kabayaran sa lahat ng ating mga kasalanan! **(Hebreo 9:22)**

Si Jesus ay namatay at muling nabuhay, at ngayon, Siya ay nakatira na sa Langit. **(1 Corinto 15:3-5)**

Dahil sa ginawa ni Jesus para sa iyo, pwede mo nang makasama ang Diyos sa Langit.



***Pero ito ang dapat mong gawin...***

## PUTI



**ANG MAITIM AT MALUNGKOT NATING PUSO AY MAGIGING MALINIS LAMANG KUNG BUONG PUSO TAYONG MAGTITIWALA KAY JESUS BILANG ATING PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS.**

Ang kulay puti ay kulay ng kalinisan.
Gusto mo bang maging malinis ang puso mo sa paningin ng Diyos?
Kung Oo, kausapin mo ang Diyos sa panalangin...

**A**dmit that you have sinned. (Akuin na ikaw ay nagkasala)

**B**elieve that Jesus died for you and gave His blood to pay for your sins. (Buong puso kang magtiwala na si Jesus ay namatay bilang kabayaran sa mga kasalanan mo)

**C**hoose Jesus as your Lord and Savior. (Kilalanin mo si Jesus bilang tagapagligtas at Panginoon mo)

"Lord Jesus,
Ako po ay makasalanan.
Ako po ay nagkasala.
Pero namatay ka bilang kabayaran sa aking mga kasalanan para makasama ko ang Diyos sa langit habambuhay.
Patawarin Mo po ako sa lahat ng mga kasalanan ko.
Tinatanggap po kita ng buong puso bilang tagapagligtas at Panginoon ko.
Amen.

ITO BA ANG GUSTONG SABIHIN NG PUSO MO SA DIYOS?



***Kung OO, KAUSAPIN MO SIYA sa Panalangin.***

# BINABATI KITA!



**Mula Ngayon, ikaw ay anak na ng Diyos.**

Juan 1:12

**Ipinangako ni Jesus, "...Hinding-hindi kita iiwan o pababayaan."**

Mga Ebreo 13:5

**Ngayong nasa puso mo na si Jesus, kasama mo na ang Diyos habambuhay!**

# LUNTIAN



**IPINAPAALALA SA ATIN NG KULAY LUNTIAN**

Ang mga bagay na lumalago...
Kailangan din nating lumago.

**Mas mapapalapit tayo kay Jesus kapag tayo ay...**



| 1 | 2 | 3 | 4 |
|---|---|---|---|
| **Nananalangin. Kausapin mo ang Diyos bilang kaibigan mo.** | **Nagbabasa at sinusunod ang mga sinasabi ng Diyos sa Bibliya.** | **Nagsisimba.** | **Ibinabahagi sa iba ang tungkol kay Jesus.** |

**Kung nakatulong sa iyo ang kuwentong ito, ibahagi mo rin ito sa iba.**

>SAVE_


Adapted from the Wordless Book.
For more info, send us a message on:
@ccfnxtgen

CCF CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

# PAGBABAHAGI NG MAGANDANG BALITA SA MGA NAKATATANDA






MAYROONG APAT NA KATOTOHANAN NA DAPAT NATING LUBOS NA MAINTINDIHAN:

**UNANG KATOTOHANAN**

**MAHAL KA NG DIYOS** AT NAIS NIYANG IKAW AY...

- **MAGKAROON NG BUHAY NA WALANG HANGGAN SA PILING NIYA.**
  "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." **(Juan 3:16)**

- **MAGKAROON NG MASAGANA AT MAKABULUHANG BUHAY KASAMA SIYA.**
  "Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, isang buhay na masagana at ganap." **(Juan 10:10)**


SA KABILA NITO, MARAMING TAO ANG HINDI NAKARARANAS NG MAKABULUHANG BUHAY AT HINDI NAKASISIGURO KUNG SILA'Y MAY BUHAY NA WALANG HANGGAN DAHIL...

4

**IKALAWANG KATOTOHANAN**

LIKAS NA **MAKASALANAN** ANG TAO, KAYA'T **NAWALAY** SIYA SA **DIYOS.**

- **ANG LAHAT AY NAGKASALA.**
  Sinabi sa **Roma 3:23**, "Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."




5

## ANG KABAYARAN NG KASALANAN AY KAMATAYAN.

"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan..."
(Roma 6:23)

MAY TINUTUKOY NA **DALAWANG URI NG KAMATAYAN** ANG BIBLIYA:

- **PISIKAL NA KAMATAYAN**
  "Itinakda sa mga tao na sila'y minsang mamamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom."
  (Mga Hebreo 9:27)
- **SPIRITUAL DEATH OR ETERNAL SEPARATION FROM GOD.**
  "Subalit malagim ang kasasapitan ng mga duwag, ng mga taksil, ng mga nagpapasasa sa kasuklam-suklam na kahalayan, ng mga mamamatay-tao, ng mga nakikiapid, ng mga mangkukulam, ng mga sumasamba sa diyus-diyosan, at LAHAT NG MGA SINUNGALING. Ang magiging bahagi nila'y sa lawa ng nagliliyab na asupre. Ito ang pangalawang kamatayan." (Pahayag 21:8)

6

**KUNG ANG TAO AY NAWALAY SA DIYOS DAHIL SA KANYANG KASALANAN, ANO ANG SOLUSYON SA PROBLEMA NIYANG ITO?**


Madalas nating iniisip na ang
**RELIHIYON**
**MABUTING GAWA**
**KABUTIHANG ASAL**
ang mga solusyon.
Ngunit iisa lang ang solusyon galing sa Diyos.




7

**IKATLONG KATOTOHANAN**

SI **HESU-CRISTO** LAMANG ANG **TANGING** DAAN TUNGO SA BUHAY NA WALANG HANGGAN.





8

- **GANAP NIYANG BINAYARAN ANG KAPARUSAHAN NG IYONG MGA KASALANAN.**

  "Sapagkat si Cristo na walang kasalanan ay namatay nang minsan para sa inyo na mga makasalanan, upang iharap kayo sa Diyos..." **(1 Pedro 3:18)**

- **PATUNAY ANG KANYANG MULING PAGKABUHAY NA SIYA AY ANAK NG DIYOS, ANG MESIYAS AT TANGING TAGAPAGLIGTAS.**

  "Ay tungkol sa kanyang Anak, ang ating Panginoong Hesu-Cristo. Tungkol sa kanyang pagiging tao, siya'y ipinanganak mula sa lahi ni David. At tungkol naman sa Espiritu ng kabanalan, ipinahayag siya bilang Anak ng Diyos sa pamamagitan ng isang makapangyarihang gawa, ang kanyang muling pagkabuhay." **(Roma 1:3–4)**




9

## IKAAPAT NA KATOTOHANAN

KAILANGAN NATING ILAGAY ANG ATING **PANANAMPALATAYA SA PANGINOONG HESU-CRISTO** PARA TAYO'Y MALIGTAS.

10




Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at a**ng kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa** kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman." (Efeso 2:8–9)

Base sa Efeso 2:8-9, kung ang kaligtasan ay maaaring ilahad sa pamamagitan ng formula, alin sa mga sumusunod ang sa tingin mo ay tama?

- ☐ PANANALIG KAY HESUS + MABUTING GAWA = KALIGTASAN
- ☐ PANANALIG KAY HESUS + WALANG MULA SA ATIN = KALIGTASAN = NAGBUBUNGA NG MABUTING GAWA

11

## ANG MGA MABUTING GAWA ay hindi paraan upang tayo'y maligtas, kundi ISANG KATIBAYAN O BUNGA NG ATING KALIGTASAN.

- **IPINAPAKITA NATIN ANG ATING PANANAMPALATAYA KAY HESU-CRISTO SA PAMAMAGITAN NG:**

1. Pagtalikod sa kasalanan
2. Pananalig kay Hesus para sa kapatawaran
3. Pagtanggap ng Kanyang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagdarasal

Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.
**(Roma 6:23)**

Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak, na nagpalaya at nagdulot sa atin ng kapatawaran sa ating mga kasalanan.
**(Colosas 1:13–14)**



**IPINANGAKO NG DIYOS NA MAAARI MONG MALAMAN NGAYON NA IKAW AY MAYROONG BUHAY NA WALANG HANGGAN KUNG IKAW AY MANANALIG KAY HESU-CRISTO.**

ITO ANG MAGTATAKDA NG IYONG PANGHABAMBUHAY NA TADHANA.

At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Ang sinumang pinapanahanan ng Anak ng Diyos ay mayroong buhay na walang hanggan, ngunit ang hindi pinapanahanan ng Anak ng Diyos ay hindi makakaranas ng buhay na walang hanggan. **(1 Juan 5:11-12)**

HANDA KA BANG MAGTIWALA AT SUMUNOD KAY **HESU-CRISTO BILANG IYONG PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS**?

Ipanalangin mo ito ng may pananampalataya:


PANGINOONG JESUS, MARAMING SALAMAT SA LABIS MONG PAGMAMAHAL SA AKIN. INAAMIN KONG AKO'Y MAKASALANAN AT IHINIHINGI KO ITO NG IYONG KAPATAWARAN. SALAMAT SA IYONG PAGKAMATAY SA KRUS UPANG BAYARAN ANG LAHAT NG AKING KASALANAN.

MAGMULA NGAYON, AKO'Y MAGTITIWALA SA IYO BILANG AKING PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS. TINATANGGAP KO ANG IYONG KALOOB NA BUHAY NA WALANG HANGGAN AT ISINUSUKO KO ANG BUHAY KO SA IYO.

TULUNGAN MO AKONG SUMUNOD SA LAHAT NG IYONG UTOS AT MAGING NAKALULUGOD SA IYO. AMEN.

15

## KUNG NAGTIWALA KA NA KAY HESU-CRISTO, NANGYARI NA SA IYO ANG MGA SUMUSUNOD:




ANG IYONG **BUHAY NA WALANG HANGGAN KASAMA ANG DIYOS AY NAGSISIMULA NGAYON.**

Isinusulat ko ito sa inyo upang malaman ninyo na kayong sumasampalataya sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan. (1 John 5:13)

16

- **ANG LAHAT NG KASALANAN MO AY BAYAD NA AT NAPATAWAD NA.** (NOON, NGAYON, AT SA HINAHARAP)
  "Pagkatapos ay sinabi pa niya, 'Kalilimutan ko na ang kanilang mga kasalanan at kasamaan.'" **(Hebreo 10:17)**

- **IKAW AY BAGO NANG NILALANG SA PANINGIN NG DIYOS.**
  **SIMULA NA NG IYONG BAGONG BUHAY.**
  "Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago." **(2 Corinto 5:17)**


- **IKAW AY NAGING ANAK NG DIYOS.**
  "Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos." **(Juan 1:12)**

17

+ Ikaw ngayon ay mayroon nang personal at permanenteng relasyon sa ating Panginoong Hesu-Cristo. Upang lumalim ang iyong relasyon sa Kanya:

- **MANALANGIN SA DIYOS ARAW-ARAW.**
  Ito ay ang pakikipag-usap sa Diyos.
- **BASAHIN ARAW-ARAW ANG BIBLIA.**
  Dito ka kakausapin ng Diyos. Umpisahan mo sa ebanghelyo ni Juan. Magbasa ng isang kabanata araw-araw at humingi ng gabay sa Banal na Espirito upang maunawaan ito.
- **MAGING BAHAGI NG DISCIPLESHIP GROUP.**
  Kilalanin mong mas mabuti ang Diyos at mabuhay nang nakalulugod sa Kanya.
- **DUMALO SA ISANG SIMBAHANG NANINIWALA SA BIBLIA UPANG MATUTO TUNGKOL SA DIYOS AT KUNG PAANO SIYA PURIHIN AT PARARANGALAN.**
- **IBAHAGI ANG BOOKLET NA ITO SA IYONG PAMILYA, MGA KAIBIGAN, AT IBA PA.**

18



+ Ngayon ang iyong espirituwal na kaarawan.
**MALIGAYANG KAARAWAN!**

At bilang pag-alaala sa iyong pagkatanggap sa Diyos, basahin ang mga sumusunod at lagdaan ang iyong pangako.

NGAYON, **AKO'Y NAGTIWALA KAY HESU-CRISTO BILANG AKING PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS** AT **TINANGGAP KO ANG KALOOB NIYANG BUHAY NA WALANG HANGGAN.** MULA NGAYON, SUSUNDIN KO SI HESUS HABANG-BUHAY.

Pangalan:

Petsa:

19



CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

ORTIGAS EAST (FORMERLY FRONTERA VERDE),
ORTIGAS AVE. CORNER C5 ROAD, PASIG CITY

(02) 8866 9900    info@ccf.org.ph    www.ccf.org.ph

CCF Center, Ortigas East
Ortigas Avenue corner C5 Road,
Pasig City 1604 Philippines

ccf.org.ph

We'd love to hear from you.
Contact us.

8866 9900 loc. 8962
glc@ccf.org.ph
glc.ccf.org.ph